# Mag-request na i-excuse ang inyong anak mula sa FSA

British Columbia Teachers' Federation | 100–550 West 6th Avenue, Vancouver, BC  V5Z 4P2

**BCTF** Kids Matter Teachers Care


iStock

Mahal na mga Magulang,

Ilang taon nang nakikipagtulungan ang BC teachers sa education partners upang humanap ng mga paraan para asesuhin ang ating public education system nang hindi kasali ang Foundation Skills Assessment (FSA).

Ang mga test na ito na iniutos ng pamahalaan para sa mga estudyante sa Grade 4 at 7 ay nakaiskedyul pa ring gawin sa school year na ito. Nire-request kayo ng mga guro na irequest ninyo na alisin ang inyong mga anak mula sa mga test na ito, alinsunod sa guidelines ng Ministry of Education and Child Care hinggil sa mga eksempsiyon.

Naniniwala ang mga guro na ang tunay at mahalagang assessment ay hindi mga iniutos at standardized na tests dahil hindi nila nailalarawan ang isang makabuluhang snapshot ng kahusayan ng estudyante sa eskwelahan.

Ang mga resulta ng FSA tests ay hindi magagamit para sa mga marka ng inyong mga anak, at hindi nito natutulungan ang mga estudyante na matuto, o ang mga guro na magturo. Hindi naniniwala ang mga guro na ang FSA ay isang maaasahang paraan para sukatin ang indibidwal na kahusayan sa eskwelahan.

Nag-aalala ang mga guro na ang datos mula sa mga test na ito ay gagamitin sa maling paraan. Ang datos ng FSA ay bihirang nagreresulta sa karagdagang funding o sa resources upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating mga estudyante. Bukod pa rito, ginamit ng Fraser Institute ang datos upang bigyan ng ranking ang mga paaralan sa 'di-makatwiran at 'di-angkop na paraan.

Naniniwala kami na kapag ang mga magulang ay gumawa ng may-kaalamang desisyon at nag-request silang hindi isali ang kanilang mga anak sa mga test, dapat sundin ang kanilang mga kagustuhan.

Ang pinakamainam na source ng impormasyon tungkol sa kahusayan ng inyong mga anak sa eskwelahan ay manggagaling sa kanilang guro sa classroom. Mangyaring huwag mag-atubiling lumapit kahit kailan kung kayo'y may mga katanungan o mga alalahanin. Handang tumulong ang mga guro ng inyong mga anak.

C. Gordon

Carole Gordon, Pangulo

**Mangyaring i-detach at gamitin ang sulat upang i-request na alisin mula sa 2025 FSA testing ang inyong anak na nasa Grade 4 o Grade 7.**

---

Mahal na Principal / Punong-guro,

Alinsunod sa guidelines ng Ministy of Education hinggil sa mga eksempsiyon, nauunawaan ko na maaaring i-excuse ng mga tagapamahala ang isang estudyante kung may emergency sa pamilya, pangmatagalang sakit, o iba pang mga makatwirang dahilan.

Mangyaring i-excuse ang aking anak na si ______________________________ mula sa Foundation Skills Assessment (FSA) tests.

Maraming salamat sa pagbigay-galang ninyo sa aking request.

Sumasainyo,

______________________________

Pirma ng Magulang/Guardian



TFEU